IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI



**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Monday 10 May 2004 (afternoon)
Lundi 10 mai 2004 (après-midi)
Lunes 10 de mayo de 2004 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n'êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.

*Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang sumusunod na dalawang teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1** (a)

### Ang Nayon ko, Nahihimbing

Luntal.

Ito'y nayong may pangakong pagdaralita, at ang karalitaan ng mga tao'y naging multong katotohanan mula pa nang unti-unting mapasalin sa kamay ng mga maykayang tagabayan ang mga sakahing lupa ng mga taganayon. Kumipot ang daigdig ng mga taganayon, umikli ang kanilang pananaw sa hinaharap at paglipas ng mga panahon, ang kabihasnan at kabuhayang may ugat sa mga unang pagputok ng Bulkang Taal, ay nasagkaan at nahinto, hanggang sumulong ang panahon, ngunit umurong ang pagsulong ng buhay ng maraming taganayon. Naging mga magsasaka ng mga maylupa ang mga magulang, ang mga anak ay kinatulong, at dahil sa ang daigdig ng anak ay iniuuri sa daigdig ng magulang, ang mangmang ay nagbunga ng mga lipaking kamay na sunog ang balat sa sikat ng araw at ang mithiin ng pagpapaunlad at pag-aaral ay yumukod sa katotohanan ng salitang mana sa matatanda, na kung makatapos man ang isang tao, ang mararalita ay wala ring naghihintay na kukuwentahing kinabukasan. Sa pag-unlad, ang ugat ay dapat magmula sa uri ng kabuhayan ng mga tao at kung iyon ay tigang, isip alipin ang mapupunla sa malay ng mga tao.

Sipi sa artikulo ni Eman David, *PFP sa Pilipino* (1966)

**Teksto 1** (b)

**Banyaga**

At nang siya ay ipaghain ay hindi siya isinabay sa kanyang mga pamangkin. Ibinukod siya ng hain, matapos mailabas ang isang maputi at malinis na kumot na ginawang mantel. Hindi siya pinalabas sa batalan nang sabihin niyang maghuhugas siya ng kamay. Ipinagpasok siya ng palanggana ng tubig, kasunod ang isa niyang pamangking sa pangalan at larawan lalo niyang kilala sapagkat patuloy ang kanyang sustento rito buwan-buwan. Ito ang may dala ng platitong kinalalagyan ng isang sabong mabangong alam niyang ngayon lamang binili. Nakasampay sa isang bisig nito ang isang tuwalyang amoy moras. At napansin niyang nagkatinginan ang kanyang mga kaharap nang sabihin niyang magkakamay siya.

"Ayan naman ang kubyertos…pilak 'yan!" hiyang-hiyang sabi ng kanyang hipag. "Yan ang uwi mo…noon…hindi nga namin ginagamit…"

Napatawa siya. "Kinukutsara ba naman ang alimango?"

Nagsisi siya pagkatapos sa kanyang sinabi. Napansin niyang lalong nahapis ang mukha ng kanyang Nana Ibang…

Sipi sa kuwento ni Liwayway Arceo, *Pioneer Printing Press* (1968)

– Paano ipinakita ang dalawang mukha ng nayon sa mga teksto?

– Talakayin ang pananaw ng mga taganayon sa progreso ng kanilang buhay.

– Talakayin ang wika na ginamit sa dalawang teksto.

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilisikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 2** (a)

### Pakikipagtipan sa Diyos

"Hinanap mo Ako
at hinabul-habol sa lahat ng dako
ng mundo
liban na sa iyong puso at kaluluwa
gayong araw-gabi'y kalahating siglong kaulayaw kita
sa bawat gawain at bawat lunggati
Ako'y iyong Budhi."

Sa mga labi ko'y may ngiting sumilay
ako'y napatulad
sa haling na paruparo
na lumipad nang lumipad
naghahanap ng kariktan at ng bango
nang ang pakpak ay mapunit
saka lamang napaglirip
na ang kanyang mga pakpak
magkakambal na talulot ng bulaklak
Diyos ko
Ako pala'y Ikaw at Ikaw ay ako
sinunda't hinanap sa buo kong buhay sa lalong malayo
gayong habang araw ay nasa ubod ka ng akin ding puso!

Tula ni Amado V Hemandez, *Makabavan Publishing* (1961)

**Teksto 2** (b)

### Ang Loob ay Daigdig

Ang pag-iisip ay maihahalintulad sa isang paglalakbay. May pinagmumulan, may landas na sinusundan at tumuturo papalayo, at may dinaratnan at natutuklasan. May mga suluk-sulok itong kinukublihan ng maraming bagay, may mga silid na pinagpaparoo't parituhan ng mga alaala at balakin sa buhay, ng mga naitanim na damdamin at adhikain. May lawak ito na tulad ng alaala ni San Agustin; isang nakaliligaw, subalit maaari ring pagkapalagayang-loob na tahanan ng sarili, daigdig at Maykapal. At lahat ng ito ay nilalagom sa loob ng tao, sa aking loob. Magpapatuloy ang tao sa paghalughog sa kalawakan ng sanlibutan at ng kalawakan ng mga planeta at nebula; subalit patuloy ring nagiging isang ilang na pook ang kalawakan ng kalooban.

Ang loob, bilang lawak ng abot-malay, ay tila antas ng pagiging malay-sarili, malay-kapwa, malay-daigdig at malay-Maykapal.

Sanaysay ni Albert E. Alejo, *Ateneo de Manila University Press*, 1990.

– Ano ang epekto ng istruktura ng bawat teksto sa bumabasa?

– Paano ipinakikita ang konsepto ng kabathalaan sa dalawang teksto?

– Paghambingin at pag-ibahin ang imahen na ginamit ng mga manunulat sa paglalarawan ng kanilang karanasan.